



A niyang anak na lalake; at ito'y binalot niya ng mga lampin, at inihiga sa isang pasabsaban, sapagka't wala ng lugar para sa kanila sa tuluyan." (Lucas 2:7)

Sa loob ng 4,000 taon ang daigdig ay naghintay sa Mesias. Maaari siyang dumating na may kasamang 10,000 mga anghel. Maaari din siyang salubungin ng mga hari at mga pangulo, pulang karpit, garland, at iluklok sa lugar ng karangalan, sa halip Kanyang iniwasan ang mansion para sa sabsaban. Ang Kanyang ina ay sumakay sa isang hiram na asno upang magsilang sa isang hiram na sabsaban. Ang tanging lugar na inilaan sa Kanya ng sanlibutan ay sa krus. Siya rin ay ililibing sa isang hiram na libingan!

Noong simula pa lamang, sa mga wika ni Isaias, "Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao, na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya."

Sa paghahanap sa Kanya, agad na ipinapatay ni Herodes ang lahat ng sanggol at mga batang edad 2. Mula sa Kanyang unang hiyaw hanggang sa krus, ang inasam ng marami ay ang Kaniyang kamatayan. Talaga lamang walang puwang sa Kanya.

Siya ay natungo sa Decapolis at pinalaya ang isang nanahan sa sementeryo na inaalihan ng mga demonyo. Sa halip na magpasalamat, ang mga pinuno ng lugar na yaon a y p i n a l a y a s S i y a ! Nakalulungkot ang talatang ito, "May mga lungga ang mga zorra, at may mga pugad ang mga ibon sa langit; datapuwa't ang Anak ng tao ay walang kahiligan ang kaniyang ulo.

Nagbigay ng puwang sina Maria at Martha kay Hesus, at nagkaloob Siya ng milagro sa kanila! "Lazaro, magbangon ka." Mayroon Siyang lugar para sa atin: "Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan;... ako'y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan."

Sa oras na ito, mayroon bang puwang para sa Kanya? May nakapagsabi na mayroon daw puwang sa puso ng tao na tanging Diyos lamang ang makapupuno. Ano ba ang pumupuno sa puso mo ngayon? Mayroon bang lugar si Hesus sa puso mo?

May kasamang pag-ibig na winika ni Hesus, "Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko." (Apocalipsis 3:20)

Maghari ka sa puso ko, Panginoong Hesus!